

Sa mga Pagitan ng Buhay at Iba pang Salin

Ralph Semino Galán

Sa mga Pagitan ng Buhay

Kapag nagmamahal tayo ng gala,
Mag-aantay tayo ng mga yabag
Na maaaring, o di maaaring, dumating.
Lilipas ang mga oras, tapos mga araw,
Tapos mga taon, hanggang hindi na talaga.
Ngunit laging alam natin
Kung ano ang ating inaabangan:
Langitngit ng tarangkahan
Mga yapak sa hagdanan
At sa pintuan ang matatag na titig;
Inaantay natin ang mga palatandaang ito
Na umuwi na sa tahanan ang gala.

Pinagyayabang natin ang kakayahang
Magpayabong at susuyuin ang mga tangkay:
Gumamela, santan, ang dalisay
Na rosal romano; at magbibigay puwang
Para sa mga gardenia, liryo at waling-waling
(Matapos kaskasin ang mga pulgon),
At baka sakali, malapit na o malayo pa,
Lilitaw ang mga bulaklak;
Ngunit laging alam natin
Kung ano ang ating hinihintay:
Ang pulot-pukyutan at mga halimuyak,
At ang mga hinangin na nagliliyab na kulay.

Kaya ang espasyo sa mga pagitan
Ng pagnanais at katuparan
Ang siyang tunay na walang nakakaalam:
Ang pag-aantay ng malawak na mundo
At ang ating mabilis na pagdaloy
Na hindi nakikihalubilo.

At tayo ay mag-aaalala,
At tayo ay mabubuhay
Hindi para sa tiyak na katuparan
(Dahil hindi iyan ang tunay na di natin alam),
Kundi ang paghihintay, malikhain,
Buhay at pag-ibig lubos:
Di tapos, di sigurado, di alam,
Ngunit kinukutya ang tiyak na katuparan
Na dumadating malapit na,
Malayo pa, o hindi na talaga.

(Malayang salin ng "Between-Living" ni Edith L. Tiempo)

Tanawing Walang Hadlang

Dahil nasunog ang aking kamalig
Wala nang humahadlang sa tanawin
Ng pinakamaliwanag na buwan.

-Masahide

oo, ngayon kitang-kita ko na
ang pangkalahatan ng kalangitan;
walang mga punong umuusbong,
walang nagtataasang hadlang
na pumipigil sa kaniyang pagdaloy.

ang lahat inaangkin ko, gaya ng
pag-angkin nito ng buo kong pagkatao,
malinaw ang mga mata at walang abala.

parang bang tinitingnan ko ang mundo
sa kagandahan ng kaniyang kawalan,
gamit ang mga bagong mata, bagong kaluluwa.
lahat ng mga linggal at mga pagbabawal
ng mga nakaraan kong buhay nalipol,
kasing linis ng kumot na ikinula.

wala nang natira pa.

tila isa akong tabula rasa,
walang balakid na nakatingala
sa langit na hindi kumikinang,
ang buwan di natitigatig, buong-buo,
walang palawit kaya walang
sabit... bukod-tanging nag-iisa,
at ako na walang buhay na nakaraan;
at ang bukas ko ay kailangan pang
isulat muli para sa bagong pagkabuhay.

walang kapansin-pansing mga palatandaan
ng dating ako dito habang nakatingala
sa isang malayang dumadaloy na langit
at sa nag-iisang buwang walang palamuti,
ngayon ako'y magsisimula muli sa pagtatatag
ng mga kawing, makikisama, tututok,
habang kinakatha ko sa gabing ito ang akda
ng mga bagong araw na paparating, dito
mula sa isang tanawing walang hadlang.

(Malayang salin ng "An Unobstructed View" ni Ophelia A. Dimalanta)

Pagbibitbit ng mga Manika

(Para kay Anya)

Dalawang gulanit na manika na punit ang damit,
putol ang bisig at binti ng isa,
bulag naman ang isa pa—
hinablot ko sila sa kaniyang mga kamay.
“Hindi,” sabi ko, “hindi sila maaaring sumama.”

Ang bawat siksik na maleta
inimpake at pinuno ko
ng mga pinakakailanganin lamang,
walang puwang para sa damdamin o alaala
upang guluhin ng mga bagay na walang kuwenta
ang aking matatag na pasya.
Ani ko sa sarili, dapat matutuhan
kahit ng musmos na hindi puwedeng bitbitin
ang mga gamit na dapat iwanan.

Kaya sakay ng bapor na papalaot
pinapatuyo ng hanging mahapdi
mga lihim na luhanang di ko maaaring punasan.
At bigla kong nakita— gulanit, punit na damit
katabi ng maaayos at malilinis na maleta,
ang mga manikang pinagbawalan kong sumama.

Dapat naging babala sa akin kaniyang katahimikan
tulad ko, alam niya rin
ang bigat ng kaniyang mga pasanin:
Ang kaniyang dalisay na buhay wala pang batik—
at pinagbayaran ko ang maling hakahaka.

Umasa siya sa katotohanang
alam niyang pinaniniwalaan ko rin:
na kapag ang nakasalalay
ay katapatan o pag-ibig
siya ang may tunay na karapatan.
Sundin ang kaniyang pananampalataya, hindi ako.

(Malayang salin ng "Bringing the Dolls" ni Merlie M. Alunan)

Elemental

May tamang panahon sa paghihinog na ito,
paano umaakyat ang dagta ng puno para punuin
ng katas ang prutas ng pinakamataas na sanga,
o ang pangungunyapit ng hasmin sa trellis
para ipagyabang ang nag-iisang bulaklak
sa tuwing sasapit ang taog ng bagong buwan.

Sa aking hardin, yumuyungyong ang kawayan
sa itaas ng kapirasong damuhan, mga ilog-bato,
binungkal na lupa. Nag-iisa sa kung saan
umuusbong ang talahiban, napaisip ako:

Kung paano pinilas ng iyong mga ngipin
ang ginintuang balat ng mangga: paano mo
nilamon ang napakalawak na langit
ng Siquijor, ang iyong katawan nagiging
isang buong lupain na nagpapahiwatig sa akin
ng maiitim na buwan, lasa ng lupa,
buhos ng mga awit ng ilog, simoy ng hangin
bago bumagsak ang ulan, pumpon ng bulaklak
na kakaiba ang mga pangalan. Oo,

May dahilan ang paghihinog na ito.
Tinutubog ka sa ginto ng aking dila.

(Malayang salin ng "Elemental" ni Marjorie M. Evasco)

Sumpa

Sa isang lamayan,
Gumitgit si Tiya bitbit ang tsaa
At ang kalansay ng isang lumang kuwento.
Iniikot niya ang maraming singsing
Sa mga daliri niyang naging mabuko
Sa mahabang taon ng paghahabi
At panghuhula
Sa ibabaw ng malanday na lalim
Ng kaniyang batong almires.

Puno ang kaniyang bahay ng mga anito
At mga babasagin na mas matanda pa sa aming lahat.
Ang kaniyang mga mata, na hindi pa sanay
Sa dalamhati, ay nagtatangkang buhayin sa akin
Ang kilabot ng isang lumang sumpa: na ang mga iho
Ay magpupunla lamang ng mga iha
Na magpapakasal sa pagkalimot,
Hanggang ang aming mga pangalan ay maglalaho
Sa ihip ng hangin.

Sa kabilang silid nakahiga ang kaniyang unico hijo
Binabalutan ng kumot para sa mga nasawi.
Nilalangaw ang mga puno sa hardin
Na pasan ang mga prutas at alay sa patay,
Ang kanilang higing nangingibabaw
Sa ugong ng mga nagdadasal.

Sa baha ng bumubulong na mga boses,
Lumingon at nasulyapan ko ang maliwanag na eksena
Ng tatlo kong anak na babae sa may bintana.
Malakas at makisig ang mga bisig
Mga mukha na dalisay,
Walang kasalanan,
Na magbibigay pangalan
Sa mga kasapi ng angkan
Ng mga lilikhain nilang kasasayan.

(Malayang salin ng "Curse" ni Luisa A. Igloria)